# MULTO

***Juleah Mara A. Borillo***
*Instructor I, Pangasinan State University-Urdaneta City Campus*
*Urdaneta City, Pangasinan*
juleahmara@gmail.com

**Tungkol sa May-akda**



Si **Juleah Mara A. Borillo** ay kasalukuyang Instruktor sa **Pangasinan State University – Urdaneta City Campus**, kung saan siya nagtuturo sa programang **Bachelor of Secondary Education (BSEd), Major in Filipino**. Nagtapos siya ng **Bachelor of Secondary Education, Major in Filipino** at nakamit ang **Master of Education in Communication, Major in Filipino**.

Bilang guro sa mataas na edukasyon, nakatuon siya sa pagpapaunlad ng kaalaman at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa **wikang at panitikang Filipino**. Naniniwala siya na ang panitikan ay mahalagang salamin ng kultura, kasaysayan, karanasan, at pagkakakilanlan ng mga Pilipino. Sa pamamagitan ng kaniyang pagtuturo at mga kagamitang pampagkatuto, hangad niyang mahubog ang mga mag-aaral upang maging **mapanuri, makabayan, at responsableng mamamayan**, gayundin ang patuloy na mapahalagahan at mapaunlad ang wikang Filipino.

Sa paanong paraan ako'y makakalimot?
Sa mga kahapong nagdulot ng sakit at kirot?
Multo ng nakaraan, sa isip ay nag-uukit,
Sa puso ko'y patuloy na bumabalot.

Ngunit sa aking mga karanasan
Ako ay may mga natutuhan
Multo ng kahapon ay
Hindi ko dapat takbuhan

Alaala ito ng mga pagsubok sa buhay
Na aking napagtagumpayan
Mahalin ang sarili at
Yakapin ang nakaraan